



# Sekswal na Pag-atake

Sa Australya, labag sa batas ang sekswal na pag-atake kaninuman.

Ang taong magsasagawa ng sekswal na pag-atake ay maaaring makulong, lalaki man o babae sila.

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nanganganib, tawagan ang pulisya sa **000**.

Ligtas at mapagkakatiwalaan ang pulisya sa Australya.

Para sa libre at kumpidensyal na payo at suporta, tawagan ang 1800RESPECT sa **1800 737 732**.

Kung kailangan mo ng libreng interpreter, tumawag sa **131 450**.

## Hindi kinukunsinti ng Pamahalaang Australyano (Australian Government) ang sekswal na pag-atake anuman ang sirkumstansiya.

Ang sekswal na pag-atake ay ginagawa sa ibang tao nang wala siyang pahintulot. Ang sekswal na pag-atake sa kapartner, asawa o kapamilya ay labag sa batas.

Kabilang sa sekswal na pag-atake ang:

- pamumuwersa kaninuman na makipagtalik o gawin ang mga aktong sekswal;
- pamumuwersa kaninuman na manood ng pornograpiya; o
- pakikipagtalik o paggawa sa isang bata ang mga aktong sekswal.

## May parehong mga karapatan ang kababaihan gaya ng sa kalalakihan.

Ang batas sa Australya ay may pantay na pagtrato sa kababaihan at kalalakihan.

May karapatang makaranas ang bawat isa ng positibo at ligtas na pakikipagrelasyon sa kanilang mga pamilya, mga kaibigan at mga mahal sa buhay. Ang karahasan ay hindi kailanman okey. Hindi dapat tanggapin ninuman ang masaktan.

## Mayroong mga serbisyong sensitibo sa kultura sa Australya na maaaring makatulong.

Ang **1800RESPECT** ay pambansang serbisyo sa pagpapayo sa sekswal na pag-atake, karahasan sa tahanan at pamilya sa Australya (Australia's national sexual assault, family and domestic violence counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at sa online. Pakikinggan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang mga katanungan mo at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa inyong lugar.

Tawagan ang **1800 737 732** o puntahan ang **website** ng **1800RESPECT** sa **www.1800RESPECT.org.au**.

## Kailangan mo ba ng interpreter?

Tawagan ang **Translating and Interpreting Service (Serbisyo ng Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete)** (TIS) sa **131 450**. Makatutulong ang interpreter mula sa TIS para maiugnay ka sa iba pang mga serbisyo, subalit ang TIS ay hindi nagbibigay ng payo. Lahat ng tawag ay libre at kumpidensyal.